



Gabay ng consumer

Service at pagkukumpuni ng sasakyan

Nirerekomenda ng AMVIC na pumili ka ng mga produkto at serbisyong binebenta ng mga negosyong lisensyado ng AMVIC. Ang mga lisensyadong negosyo ay nangangako na susundin ang mga panuntunan sa proteksyon ng consumer na itinakda sa *Consumer Protection Act* ng Alberta. Ang Alberta ay ang tanging lalawigan sa Canada na nagre-regulate ng mga negosyo sa **pagkukumpuni** ng sasakyan sa parehong paraan na kinokontrol nito ang mga negosyo sa **pagbebenta** ng sasakyan.

Bago ka umalis:

- **Suriin kung lisensyado ang negosyo** sa pamamagitan ng pagpunta sa portal ng AMVIC: amvic.ca.thentiacloud.net/webs/amvic/register/#
- Humingi ng mga rekomendasyon sa mga pinagkakatiwalaang kaibigan at pamilya.

Mag-ingat sa backyard mechanics:

- Ang backyard mechanics ay mga ilegal na service and repair business na nagpapatakbo nang walang wastong lisensya ng AMVIC.
- Kabilang sa mga service and repair business na nangangailangan ng lisensya ay ang: mga garahe, mga service station, autobody, mga specialty shop (tulad ng mga muffler, preno, transmission, atbp.), mobile repair, at pag-recycle at pag-dismantle.
- Kung ang negosyo ay nagpapatakbo sa isang residential address, nagbibigay ng hindi kapani-paniwalang mababang mga rate at hindi lumalabas sa license search, sila ay isang backyard mechanic at dapat na ireport kaagad sa AMVIC.

Habang nandoon ka:

- Kung humingi ka ng estimate, dapat kang makatanggap nito nang nakasulat. Dapat lang magbigay ng estimate ang isang service and repair business kung hihilingin ito sa kanila; hindi awtomatikong ibinibigay ang estimate.
- Gamitin ang service and repair estimate and authorization checklist sa likod ng tip sheet na ito upang matiyak na nasa tamang landas ka.
- Ang **isang negosyo ay maaari lamang lumampas sa estimate ng 10 porsyento hanggang sa maximum na \$100**. Dapat kang sumang-ayon sa karagdagang serbisyo at mga karagdagang gastos bago simulan ang trabaho.
- Para sa mas malalaking trabaho sa pagkukumpuni, magandang ideya na ihambing ang mga presyo ng iba't ibang mga repair shop.
- Itanong kung anong mga uri ng parts ang gagamitin sa pagkukumpuni (bago, nagamit na o reconditioned).
- Magtanong tungkol sa manufacturer, supplier o iba pang impormasyon ng warranty at kunin ang lahat ng mga dokumento ng warranty nang nakasulat.
- Itanong kung may mga karagdagang bayarin at singil, gaya ng mga bayarin sa supply sa shop, at kung magkano ang halaga ng mga ito.
- Magtanong kung hindi ka sigurado o hindi mo naiintindihan kung ano ang iyong sinasang-ayunan.
- Tiyaking nagtatago ka ng mga kopya ng lahat ng dokumentong ibinigay sa iyo.

Pagkatapos mong bumili:

- Ang mga consumer na naniniwalang hindi patas ang pagtrato sa kanila habang ginagawa ang serbisyo at pagkukumpuni ng sasakyan ay maaaring [magsampa ng reklamo sa AMVIC](#).
- Maaaring available ang [Compensation Fund](#) sa mga customer ng isang nabigo at saradong negosyong lisensyado ng AMVIC. Gayunpaman, hindi eligible ang mga consumer na mag-apply sa Compensation Fund kung bumili sila mula sa isang pribadong nagbebenta o curber.

Estimate sa service at pagkukumpuni at listahan ng pahintulot*



Ang sumusunod ay isang pinasimpleng checklist patungkol sa batas sa serbisyo at pagkukumpuni sa Automotive Business Regulation (ABR) Mga seksyon 31.6, 31.7 at 31.8:

Estimate (Seksyon 31.6): (Lagyan ng check ang lahat ng naaangkop)

✓	Kung hiniling ng consumer ang isang estimate bago ang pagkumpuni o pagseserbisyo:
	Nakasulat ba ito?
	Inilalarawan ba nito ang iminungkahing pagkukumpuni o pagseserbisyo?
	Naglalaman ba ito ng estimated total cost ng iminungkahing pagkukumpuni o pagseserbisyo kabilang ang labour, mga piyesa at equipment?
	Kung hindi makapagbibigay ng nakasulat na estimate ang isang automotive business dahil kailangan munang magsagawa ng diagnostic work:
	Nabigyan ba ang consumer ng estimate na nagsasaad ng pinakamataas na gastos para sa diagnostic work bago simulan ang diagnostic?

Awtorisasyon ng trabaho - nakasulat (Seksyon 31.7): (Lagyan ng check ang lahat ng naaangkop)

✓	Bago magsagawa ng anumang pagkukumpuni o pagseserbisyo sa sasakyan ng consumer, tiyaking:
	Ang nakasulat na pahintulot ay nakuha mula sa consumer bago simulan ang anumang trabaho o serbisyo.
	Ang nakasulat na awtorisasyon ay dapat naglalaman ng:
	pangalan ng consumer o ng kanilang representante na nagbibigay ng awtorisasyon.
	ang petsa kung kailan ibinigay ang awtorisasyon.
	isang paglalarawan ng trabahong pinapahintulutan.
	ang estimated total cost ng trabahong inilarawan sa itaas at kumpirmasyon mula sa consumer o ng kanilang representante upang pahintulutan ang trabaho.

Awtorisasyon ng trabaho - hindi nakasulat (Seksyon 31.8): (Lagyan ng check ang lahat ng naaangkop)

✓	Kung hindi makukuha ang nakasulat na awtorisasyon mula sa consumer bago ang anumang pagkukumpuni o serbisyo, dapat na itala ang sumusunod na impormasyon:
	pangalan ng consumer o ng kanilang representante na nagbibigay ng awtorisasyon.
	ang petsa kung kailan ibinigay ang awtorisasyon.
	isang paglalarawan ng trabahong pinapahintulutan na makumpleto.
	ang estimated total cost ng trabahong inilarawan sa itaas at kumpirmasyon mula sa consumer o ng kanilang representante upang pahintulutan ang trabaho.
	kung paano ibinigay ang pahintulot (sa pamamagitan ng email, telepono, atbp.).

*Ang gabay na ito ay hindi pamalit sa legal na payo at hindi idinisenyo bilang kapalit ng payo mula sa kwalipikadong independiyenteng legal na tagapayo. Ang gabay na ito ay hindi nilayon na maging isang kumpletong listahan ng naaangkop na batas.